# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised July 2022

## ST400 Ang Kaharian at Iglesya ng Diyos

### ST401 Ang Kaharian ng Diyos

### Part 1: Jesu-Cristo: King of kings and Lord of lords

Sinasabi sa Psalms 103:19 at 145:13 na itinatag ng Diyos ang Kanyang trono sa kalangitan at ang lahat ay sinasakop ng Kanyang walang hanggang kaharian. Sa Psalms 139:7-8 matutunghayan natin ang katotohanan na walang lugar sa kalangitan o sa kaibuturan man ng kalaliman na labas sa presensya ng Espiritu ng Diyos. Sa Matthew 28:18 naman sinabi ni Cristo na ang lahat ng kapangyarihan ay ipinagkaloob na sa Kanya. Samakatuwid, si Cristo ang tunay na Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon (Revelation 19:16) at walang space and time sa sangnilikha na hindi pumapailalim sa Kanyang pananakop. Maliwanag na tinuturo ng Bibliya na si Cristo ang Sovereign ng universe.

Ang tanong ay ito: Bakit tinagurian ni Jesus na si Satanas ay principe o diyos ng mundong ito? At bakit kasama sa tabas ng panalangin na tinuro Niya ay ang paghiling na dumating na ang kaharian ng Diyos (John 12:31, 14:30, 16:11; 2 Corinthians 4:4; Ephesians 2:2; Matthew 6:10).

Alam natin na ipinagkaloob ng Diyos ang pamamahala ng world and all its natural resources at ng lahat ng may buhay sa himpapawid, karagatan at lupain sa mundo sa tao (Genesis 1:28). Subalit inilipat ng tao ang kanyang pagtitiwala sa salita ng diablo, samakatuwid, by default napunta sa diablo ang Karapatan ng tao na pamahalaan ang lupa, natural resources and all living creatures sa mundo. Kaya ang diablo ay referred to as god or prince of this world. Kaya naman binabalaan ni Apostol Pedro ang mga believers na ang diablo at ang kanyang mga kampon ay ating kaaway with very bad intentions (1 Peter5:8).

Kaya, mauunawaan natin kung bakit ang mundo at ang lahat ng naririto ay contra rin sa kalooban ng Diyos, dahil nga ang diyos ng mundo ay contra sa Diyos. Ang lahat ng mga pilosopiya, whether political, social or economic dito sa mundo ay contra rin sa way of life na kalooban ng Diyos para sa Kanyang mga anak (Colossians 2:8). Kaya naman sinabi ni James na friendship with the world is enmity with God (James 4:4), at pinapaalalahanan ang mga believers ng Lord na we are not of this world maski naririto tayo sa mundo (John 17:14).

At huwag nating kalilimutan na ang isa pang laging kumocontra sa kalooban ng Diyos dito sa lupa ay ang ating maka-sarili at makalupang pagnanasa, na siya namang pinipilit na busugin ng diablo at ng mundo.

Ang paghahari ni Cristo dito sa lupa ay hindi pa nilalantad ng Panginoon sa mga hindi pa born-again sapagkat hindi pa dumarating ang takdang panahon ng Kanyang pagbabalik dito sa ating planeta. Kaya ng tinanong ang Lord ni Pilato kung Siya ay hari, ang sagot ng Lord ay, *My kingdom is not of this world. If my kingdom were of this world, my servants would have been fighting, that I might not be delivered over to the Jews. But my kingdom is not from the world* (John 18:36). At pinapayuhan Niya tayong mga mananampalataya ng ganito: *. . . in Me you may have peace. In the world you will have tribulation. But take heart; I have overcome the world* (John 16:33)." Kaya, ang mga believers ay hindi dapat mag-aksaya

ng panahon sa paghahanap ng kaligayahan dito sa mundo. Ang kaligayahan ay hindi matatagpuan sa labas ng paghahari ng Panginoon sa puso ng mananampalataya.

## Part 2: Kaharian ng Diyos sa tatlong panahon

Sa 1 Corinthians 15:45 may dalawang tao ang binigyang pansin ni Apostol Pablo: ang unang Adan (si Adan na kumatawan sa sangkatauhan) na naging buhay na kaluluwa; at ang huling Adan na naging espiritung nagbibigay ng buhay (si Cristo Jesus). Sinasabi naman sa Hebrews 1:1-2 na *Sa nakalipas, nangusap ang Diyos sa mga ninuno ng mga Hebreo sa pamamagitan ng mga propeta sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan, subalit nang mga huling araw ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ng Kanyang Anak (si Cristo Jesus).*

Tinuturo din ng Bibliya na may dalawang uri ng pakikipagtipan ang Diyos sa tao: Una, ang tinataguriang lumang tipan na ginawa ng Diyos kasama si Adan - - pinag-utos ng Diyos kay Adan na malaya siyang makakakain ng anumang prutas sa hardin ng Eden maliban sa bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama sapagkat sa araw na siya ay sumuway, siya ay mamamatay (Genesis 2:15-17). Ikalawa, ang tinaguriang bagong tipan na diniscurso sa Hebrews 8:7 hanggang 9:15 at binanggit ni Cristo sa Luke 22:20 nang sabihin Niya, habang tangan ang copa ng alak, ang ganito: *Ito ang copa ng bagong tipan sa Aking dugo, na ibubuhos para sa inyo.*

Dahilan sa pagsuway ni Adan sa utos ng Diyos naghari ang kamatayan sa buong mundo sapagkat ang lahat ay nagkasala (Romans 3:23; 6:23). Subalit dahilan naman sa pagsunod ni Cristo sa kalooban ng Kanyang Ama (Luke 22:42; Romans 5:19; Hebrews 12:2) nawalan ng kapangyarihan ang kamatayan laban sa mga nagtitiwala kay Cristo (1 Corinthians 15:56).

Samakatuwid, ang mga unang araw ay nagsimula sa pakikipagtipan ng Diyos kay Adan na nauwi sa paghahari ng kamatayan sa sanlibutan dahil sa kasalanan, at nagtapos sa pagdating ni Cristo na nagpawalang-bisa sa kamandag ng kamatayan laban sa mga nagtitiwala sa Kanya. Ang mga huling araw naman ay nagsimula sa pagsilang ni Cristo sa Bethlehem at magpapatuloy hanggang sa muli Niyang pagbabalik (John 14:1-3; Acts 1:1-10; 1 Thessalonians 4:13-18; Revelation 22:20). Ang darating na panahon ay magsisimula sa pagbabalik muli ni Jesus at ito ay walang katapusan.

Ang pakikipagtipan ng Diyos kay Adan ang simula ng mga unang araw. Ang pagsilang ng Messias ang simula ng mga huling araw. Ang pagbabalik ni Cristo naman ang simula ng kaharian ng Diyos sa darating na panahon. Ang malaking kaibahan ng darating na panahon compara sa mga una at mga huling araw na may simula at wakas, ito ay walang hangganan; walang katapusan. Kung baga, kung ano tayo sa panahong darating, ganoon na tayo magpakailan man.

Sa Luke 18:28-30 sinabi ni Pedro sa Panginoon na iniwan nila ang lahat upang sumunod sa Kanya. Ang sagot sa kanila ni Cristo ay ito: *Walang sinumang nag-iwan ng tahanan, asawa, kapatid, magulang, o anak alang-alang sa kaharian ng Diyos ang hindi makatatanggap ng maraming beses sa panahong ito at sa darating na panahon, buhay na walang hanggan*.

Sa 1 Timothy 6:18-19 tinagubilin ni Pablo ang ganito: "Utusan mo sila (ang mga mayayaman) na gumawa ng mabuti, maging mayaman sa mga gawang mabuti, maging bukas-palad at handang tumulong. Sa ganitong paraan, makapaglalaan sila ng sariling yaman at matibay na pundasyon para sa *darating na panahon*, upang mapanghawakan nila ang buhay na tunay na buhay."

Sinasabi naman ni Pedro sa kanyang ikalawang liham, sa 3:10-13, na "ang araw ng Panginoon ay darating na parang magnanakaw. Ang langit ay mawawala kasabay ng malakas na ungol; ang mga elemento ay papawiin ng apoy, at ang lupa ay makakalbo at ang lahat na taglay nito ay mauupos. Kaya kung ang lahat ay mawawasak nang ganito, anong claseng tao dapat tayo? Dapat na mamuhay kayo ng may kabanalan at makadiyos habang pinakahihintay ninyo ang araw ng Diyos at minamadali ang pagdating nito. Ang araw na iyon ang maghahatid ng paghawi ng kalangitan sa pamamagitan ng apoy, at ang mga elemento ay matutunaw sa init. Subalit sa pagpapatupad ng Kanyang pangako, tayo ay di na makahintay sa *bagong langit at bagong lupain*, ang tahanan ng mga matuwid."

Samakatuwid, ang kaharian ng Diyos sa darating na panahon ay mayroong bagong langit at bagong lupain at bukod sa buhay na walang hanggan, mayroon ding taglay na sariling yaman ang mga mamamayan doon.

Panahon na upang pag-isipang mabuti ng mga Pilipino ang turo ni Cristo sa Matthew 6:19-21 at 31-33: *Huwag kayong mag-ipon ng kayamanan sa mundo . . . bagkos ay mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit. Kung nasaan ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso. Huwag kayong mabahala at magsabing, 'Ano ang ating kakainin?' o 'Ano ang ating iinumin?' o 'Ano ang ating isusuot?' Ang mga pagano ay patakbong humahabol sa mga ganitong bagay, at nalalaman ng inyong Ama sa langit na nangangailangan kayo ng mga bagay na ito. Subalit, hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos at Kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga ito ay idaragdag sa inyo.*

***I. Multiple Choice***

1. Sinasabi sa mga sumusunod na talata, Psalms 103:19, 145:13 at 139:7-8, na
   a. Ang kaluwalhatian at gawa ng kamay ng Diyos ay ipinapahayag ng kalangitan
   b. Ang lahat ay sinasakop ng walang hanggang kaharian ng Diyos at walang lugar saan man na labas sa presensya ng Kanyang Espiritu
   c. Pupurihin natin ng buong puso ang Diyos dahil sa Kanyang mga kahanga-hangang gawa.

2. Ano ang common sa mga sumusunod na talata: John 12:31, 14:20, 16:11, 2 Corinthians 4:4?
   a. Sinasabi ng mga talata ang patungkol kay Jesus na God of this world.
   b. Sinasabi ng mga talata ang patungkol sa ruler of this world – si Satan.
   c. Sinasabi ng mga talata na darating na ang hari ng mundo.

3. Sa Revelation 19:16, ang tinutukoy na Hari ng mga hari sa talatang ito ay si Cristo Jesus.
   a. True
   b. False

4. Sa Genesis, nang magkasala ang tao
   a. Naging kahati na niya ang diablo sa pamamahala sa mundo
   b. Napunta sa diablo ang karapatan ng tao na pamahalaan ang lupa, natural resources at living creatures sa mundo
   c. Nag-agawan ang tao at diablo sa pamamahala sa mundo

5. Bukod sa diablo, ang ating maka-sariling pagnanasa ay kumokontra din sa salita at kalooban ng Diyos.
   a. True
   b. False

6. Ang pakikipagtipan ng Diyos ay nahahati sa
   a. Dalawang panahon, luma at bagong tipan
   b. Tatlong panahon, mga unang araw, mga huling araw at darating na panahon at
   c. Lahat ng nasa itaas

7. Ang pagsilang ng Mesias ay ang simula ng
   a. Mga unang araw
   b. Mga huling araw
   c. Darating na panahon

8. Sinabi sa 1 Timothy 6:18-19 na utusan ang mga mayayaman na patuloy na gumawa ng Mabuti,
   a. Maging bukas-palad at handang tumulong
   b. Maging bukas-palad at suriin kung sino ang dapat tulungan
   c. Maging bukas-palad subalit maging matalino sa pagtulong.

9. Sa 2 Peter 3:11, sinabi doon na
   a. Ang araw ng Panginoon ay darating na parang magnanakaw
   b. Dapat tayong mamuhay na makadiyos at may kabanalan habang naghihintay ang araw ng Diyos
   c. Tayo ay di na makahintay sa bagong langit at bagong lupain, ang tahanan ng mga matuwid

10. Sinabi sa Matthew 6:19-21 na
   a. Hanapin muna natin ang kaharian ng Diyos at Kanyang katuwiran
   b. Huwag tayong mag-impok ng kayamanan sa lupa bagkus ay mag-impok ng kayamanan sa langit sapagkat kung nasan ang ating yaman, naroon din ang ating puso.
   c. Huwag tayong mag-alala kung ano ang ating kakainin o isusuot.

© Revised July 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.